

[Petsa]

[Pangalan ng May-ari ng Ari-arian]

[Address ng May-ari ng Ari-arian]

[Lungsod, Estado, ZIP Code]

Paksa: Hiniling na Aksyon – Lumikha ng Iyong Account sa Portal para sa Serbisyo ng Pagkolekta ng Basura ng Tinitirahang Ari-arian

Address ng Serbisyo ng Mga Lalagyan: **<Address>**

Minamahal na May-ari ng Ari-arian,

Natanggap mo ang liham na ito dahil kamakailan ay bumili ka ng bahay na kasalukuyang tumatanggap ng mga serbisyo sa pamamahala ng solidong basura mula sa City of San Diego Environmental Services Department (ESD), o dahil ang iyong ari-arian ay bagong kuwalipikado para sa serbisyo ng Lungsod mula sa ESD. Pakisunod ang mga tagubilin sa liham na ito upang lumikha ng account sa Portal ng Lungsod para sa Serbisyo ng Pagkolekta ng Basura ng Tinitirahang Ari-arian upang piliin o i-update ang mga lalagyan ng basura, nare-recycle, at organikong basura na nakatalaga sa iyong ari-arian, kung naaangkop.

Kung ang iyong ari-arian ay kasalukuyan nang tumatanggap ng serbisyong ibinibigay ng Lungsod, at hindi mo kailangang baguhin ang bilang ng mga lalagyan sa iyong ari-arian, walang kinakailangang aksyon. Gayunpaman, may benepisyo pa rin sa paglikha ng Portal account. Kasama sa pagkakaroon ng account ang mga benepisyo tulad ng kakayahang makita ang kasaysayan ng serbisyo at bayad ng iyong ari-arian, pag-access sa mga text at email update mula sa Lungsod, at ang kakayahang gawin ang mga pagbabago sa serbisyo ng iyong mga lalagyan sa hinaharap.

Kung ang iyong ari-arian ay bagong kuwalipikado para sa serbisyo ng Lungsod at kasalukuyang walang mga lalagyan ng Lungsod, pakisuyong lumikha ng Portal account upang piliin ang iyong mga bagong lalagyan. Kung ang iyong ari-arian ay walang anumang lalagyan at hindi ka makapagtapon ng basura, pakikontak ang Contact Center ng Environmental Services Department sa 858-694-7000 upang humiling ng mga pansamantalang bin habang naghihintay. Kung hindi ka makakapili sa loob ng 30 araw, awtomatikong bibigyan ka ng Lungsod ng isang 95-gallon na lalagyan ng basura, isang 95-gallon na lalagyan ng nare-recycle, at isang 95-gallon na lalagyan ng organikong basura.

Ang bawat ari-arian ay kinakailangang magkaroon ng hindi bababa sa isang lalagyan ng basura, isang lalagyan ng nare-recycle, at isang lalagyan ng organikong basura. Bagaman ang karaniwang sukat ng lalagyan ay 95 gallon, maaaring sapat na ang mas maliit na 35-gallon o 65-gallon na lalagyan ng basura para sa mga ari-arian na nakakaipon ng mas kaunting basura. Bilang alternatibo, ang mga may-ari ng ari-arian na may higit sa isang yunit sa lote o yaong nakakaipon ng mas maraming basura ay maaaring kailanganin ang mas malaking 95-gallon na lalagyan o maraming lalagyan.

Bisitahin ang **sandiego.gov/trash** upang matuto nang higit pa tungkol sa Bayad sa Pamamahala ng Solidong Basura ng Lungsod, Programa sa Tulong Pinansyal, mga mapagkukunan upang tulungan kang pumili ng iyong mga lalagyan, at iba pa.

Bagong May-ari ng Ari-arian na kasalukuyang tumatanggap ng Serbisyo sa Basura ng Lungsod ng San Diego:

HAKBANG 1: Pumunta sa Portal para sa Serbisyo ng Pagkolekta ng Basura ng Tinitirahang Ari-arian

- I-scan ang QR code gamit ang iyong mobile device o ilagay ang sumusunod na URL sa iyong internet browser:
<https://wasteportal.sandiego.gov>

**I-scan ang QR code upang lumikha ng
iyong account sa portal para sa
serbisyo ng pagkolekta ng basura ng
tinitirahang ari-arian.**



HAKBANG 2: Gumawa ng iyong Single Sign-on Account

- Ilagay ang iyong email address, pangalan, at apelyido. Lumikha ng password. Beripikahin ang iyong account sa pamamagitan ng link na ipinadala sa iyong email

HAKBANG 3: Gamitin ang iyong APN & Unique Code para Idagdag ang Ari-arian na ito sa iyong Account

- Assessor's Parcel Number (APN): **<APN>**
- Unique Code: **<Unique Code>**

HAKBANG 4: Pumili ng Kabuuang # ng Lalagyan na Kailangan para sa Ari-arian mo

- Kung hindi mo kailangan ng mga pagbabago sa (mga) sukat ng basurahan o dami, pakibalewala ang mga susunod na tagubilin.

MGA OPSYONAL NA HAKBANG: Magtalaga ng ikalawang gumagamit sa iyong account

- Binibigyang daan ka ng portal na magtalaga ng isang tao bilang pangalawang gumagamit ng iyong account.
- Magagawa ng pangalawang gumagamit na makita ang mga detalye ng account at gumawa ng mga pagbabago sa iyong account.

Mag-sign up para sa mga abiso

- Hanapin ang isang button sa Portal na may label na "Update Contact Information (I-update ang Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan)." Dito, ilalagay mo ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan, at pagkatapos ay piliin ang mga checkbox na nagsasaad ng, "Check to receive text/email message updates (I-tsek para makatanggap ng mga update sa text/email message)".

May-ari ng Ari-arian na kasalukuyang hindi tumatanggap ng Serbisyo sa Basura ng Lungsod ng San Diego

HAKBANG 1: Pumunta sa Portal para sa Serbisyo ng Pagkolekta ng Basura ng Tinitirahang Ari-arian

- I-scan ang QR code gamit ang iyong mobile device o ilagay ang sumusunod na URL sa iyong internet browser:
<https://wasteportal.sandiego.gov>

HAKBANG 2: Gumawa ng iyong Single Sign-on Account

- Ilagay ang iyong email address, pangalan, at apelyido. Lumikha ng password. Beripikahin ang iyong account sa pamamagitan ng link na ipinadala sa iyong email.

HAKBANG 3: Gamitin ang iyong APN & Unique Code para Idagdag ang Ari-arian na ito sa iyong Account

- Assessor's Parcel Number (APN): **<APN>**
- Unique Code: **<Unique Code>**

HAKBANG 4: Pumili ng Kabuuang # ng Lalagyan na Kailangan para sa Ari-arian mo

- Piliin ang bilang na mga sukat na iyong bagong kulay-abong lalagyan ng basura, berde para sa organikong basura, at kulay asul sa nare-recycle. MGA OPSYONAL NA HAKBANG: Magtalaga ng ikalawang gumagamit sa iyong account.
- Binibigyang daan ka ng portal na magtalaga ng isang tao bilang pangalawang gumagamit ng iyong account.
- Magagawa ng pangalawang gumagamit na makita ang mga detalye ng account at gumawa ng mga pagbabago sa iyong account.

Mag-sign up para sa mga abiso

- Hanapin ang isang button sa Portal na may label na "Update Contact Information (I-update ang Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan)." Dito, ilalagay mo ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan, at pagkatapos ay piliin ang mga checkbox na nagsasaad ng, "Check to receive text/email message updates (I-tsek para makatanggap ng mga update sa text/email message)".

Karagdagang Impormasyon

- Pakigawa ang iyong mga pagpili sa loob ng 30 araw mula sa petsa ng abisong ito.
- Kapag nagawa mo na ang iyong mga pagpili, siguraduhing mag-sign up para sa mga abiso upang makatanggap ka ng paalala tungkol sa petsa ng paghahatid ng iyong mga basurahan.
- Habang ginagawa mo ang iyong mga pagpili, makikita mo rin ang halaga ng serbisyo na kaugnay ng iyong mga napiling lalagyan.
- Ang iyong Bayad sa Pamamahala ng Solidong Basura ay isasama bilang isang linya ng item sa iyong County property tax bill. Kung ang iyong serbisyong ibinibigay ng Lungsod ay nagsimula sa loob ng Taon ng Pagbubuwis na 2025/2026, ang isang prorated na bahagi ng bayad para sa 2025/2026 ay isasama rin sa halaga ng babayaran mo para sa 2026/2027.

Kung naniniwala ka na natanggap mo ang liham na ito nang pagkakamali dahil ang iyong ari-arian ay hindi kuwalipikado para sa serbisyo ng Lungsod at sa halip ay kuwalipikado sa isang prangkisa ng paghahakot, pakisuyong magsumite ng apela sa sumusunod na URL:
<https://www.sandiego.gov/environmental-services/trash-service-updates/appeals>

Kung mayroon kang katanungan o kailangan ng karagdagang tulong, pakikontak ang City of San Diego Environmental Services Department sa wasteservice@sandiego.gov o **858-694-7000**.

Lubos na gumagalang,
Environmental Services Department